

Fukushima NOW

Vo.3 (Naiprinta ngayong taon ng 2017 buwan ng Marso)

Sa Fukushima International Association magbuhat ng maganap ang malakas na lindol at ang aksidenteng sa Daiichi Tokyo Nuclear Power Plant hanggang ngayong taon, buwan ng Marso sa limang taong nakalipas ang pampublikong magasin Gyro ay naglunsad ng magasin para sa pagbawi 「Magka-isa Fukushima」 na naiprinta sa iba't ibang wika na umabot hanggang ika dalawampu't limang beses. Na ang nilalaman ay tungkol sa pagbabawi, panunumbalik at ang mga aktibidadis na isinasagawa ng Fukushima International Association at ibang mga organisasyon upang ipahayag sa lahat sa loob at labas ng bansa.

Simula ngayong taon ang 「Fukushima NOW」 ang maghahatid ng tinig ng mga dayuhang naninirahan dito sa Fukushima at kung ano ang kasalukuyang kalagayan ng Prepektura ng Fukushima.

Voices from Fukushima

Josefina Kudo (galing Filipina na naninirahan sa lunsod ng Koreyama)



Dalampu't pitong taon na akong nakatira sa lunsod ng Fukushima. Ikumpara sa sinilangan kong bansa ay masmatagal na akong naninirahan dito sa Hapon, kaya sa bawat kilos o galaw ko ay ramdam ko na mas parang nasanay na ako sa gawing Hapon kaysa sa sinilangan kong bansa. Dahil sa matagal na ako dito nabawasan na ang

mga suliranin ko sa pang araw-araw na pamumuhay, at ng maganap ang sakuna ay pinanghinaan ako ng loob. Laking pasasalamat dahil ang lunsod ng Koreyama ay hindi masyadong naapektohan kaya madali akong nakapamunbalik sa normal na pamumuhay. Ngunit ng malaman kong maraming mga mamamayan ang ng ebakwet sa pamahay ng nilunsad ng gobyerno ay hindi ako nag atubiling sumali sa mga programang nilulunsad ang Simbahan para makatulong.

Tuwing Sabado at Linggo ay nag sisimba ako sa simbahan sa Koreyama. At hindi lang mga Filipina kundi Bietnames at Amerikano ay nag sisimba din. Lalo na kung Araw ng Pagkabuhay (Easter) at pasko ay maraming mga mamamayan ang nagsisimba sa simbhang Katoliko ng Koreyama. Kaya ang madalas na bukung bibig ng aking mga kababayan ay para daw nila akong ina o kaya ay makakatandang kapatid kaya madalas ay hinihingian nila ako ng payo. Na sa kabilang banda ang pakikipag usap sa kanila na gamit ang sariling wika ay nakakatulong din sa akin dahil. Nalilibang ako at nakaka-alis ng stress. Isa pang kagandahan nito ay, ito ang nagiging lugar para magkita-kita na simula para maging malapit sa isa't isa at kung may problema ay huwag kayaning mag-isa kundi ilabas ang kinikimkim sa dibdib. Kaya madalas akong tumatawag at nakikipag usap sa kanila.



▲ Kuha ng mga Filipinang lingo linggong nag sisimba sa simbahan

Mercedes Clewis (galing Amerika at nakatira sa lunsod ng Fukushima)

Dumating ako dito sa Fukushima noong nakaraang taon 2016 ng tag-araw (Agosto) at nag tuturo ng Ingles sa paaralan ng high sa Fukushima bilang assitant (ALT). Ng unang araw nang pag tira ko dito sa Fukushima ay limindol ng malakas kaya takot na takot ako. At maliban pa doon ay madalas akong magkamali sa pag sakay ng bus at train at isa pa ay maraming kaibahan sa sinilangan kong bansa kaya natagalan ako bago masanay. Ngunit sa pang araw araw kong pamumuhay ay naramdaman ko ang kakaibang pakiramdam at napag isip-isip ko na natural lang sa isang katulad ko na manibago. At dahil dito ngayon ay kahit sa may paninibago parin akong mararamdaman, nakakaramdam din ako ng kaligayahan.



▲ Mga banyagang panauhin na sumali sa GC Cafe

Kung may ebento para sa pambanyagang pagpapalitan o kaya naman tungkol sa Kultura ng Hapon ay sumasali ako para malaman ko ang mgs bagay na hindi ko alam. At ang pinaka bagay sa akin ay ang pagkain ng Fukushima dahil ako ay pinasisigla. Lalo na sa kasarapan ng prutas ng peach at pear pag nakakain ako ng mga ito ay gumiginhawa ang aking pakiramdam. Ang prutas ng Fukushima ay malalaki, matatamis at juicy kaya ito ay ipinamamalita ko aking mga kaibigang naka destino sa ibang lugar at sa aking mga kababayan sa Amerika. Dahil sa naganap na sakuna sa Fukushima marami paring tao na mababa ang image at maling pananaw. Lalo sa mga produktong pang agrikultura. Ngunit ng dumating ako dito ay napag alaman kong hindi pala ganoon ang sitwasyon. Simula ngayon, tuwing mag kakaroon ng study tour sa iba't ibang lugar sa loob ng prepektura ng Fukushima ay gusto kong mapag alaman ang tamang impormasyon kung ano na ang sitwasyong nagaganap sa pagbangon para manumbalik sa normal na pamumuhay.

Scenes of Fukushima

Ang pag tanggap sa Central and South America Immigrant Children

Simula Enero 23 hanggang Febrero 3 sponsored ng Prepektura ng Fukushima 「Central and South America Immigrant Children Training Acceptance Program」 ay inilunsad, ang mga anak ng mga immigrante ng Brazil, Argentine, Peru at ang Republika ng Dominica lima katao ay dumating sa Prepektura ng Fukushima. Ang limang katao trainee ay nag inspeksyon sa Miharumachi Fukushima Environment Creation Center, lunsod ng Koreyama Fukushima Renewable Energy Institute, at ang lunsod ng Minami Soma Odaka zone. Marami ang kanilang napag-alaman tungkol sa kasalukuyang sitwasyon ng Fukushima, at kung ano ang naging epekto ng naganap na sakuna sa Silangang bahagi ng Hapon. Maliban doon ay naranasan din nila ang pag suot ng kimono ang pag gawa ng soba at ibapang kultura ng Hapon. Ang pakikisalamuha sa mga junior high school sa lunsod ng Aizuwakamatsu at nakaranas din sila ng pag ski at pag snow board. Sa pag tira nila dito ay nag home stay sila sa ordinaryong bahay ngunit pinatulong sila ng FIA na maging registrant ng 「Multicultural · International Exchange Volunteer」 .



▲ Kauna-unahang pagkakataong maranasan ang pag ski at snow board ng mga sumali

Nag sagawa ng PR sa facebook ang Fukushima para sa Thailand

Si Mr. Phanich Phooriwat mula Thailand ay tumulong sa pagawa ng video at web page ng fukushima sa facebook na pinamagatang 「Welove Fukushima」 para ipakilala ang mga

magagandang pasyalan sa bawat lugar, mga pana-panahong tanawin at ang mga masasarap na pagkain ng Fukushima sa Thailand. At dahil dito ay dumarami ang mga tagasubaybay sa Thailand at inaasahang darami ang mga mag nanais mamasyal na mga taga Thailand dito sa Fukushima.



▲ 「Welove Fukushima」

facebook page <https://www.facebook.com/WeLoveFukushimaTH/>

Pag-aaral ng mga importanteng salita sa oras ng kagipitan sa wikang Hapon

Noong Enero 22 sa lunsod ng Koreyama ang Katolikong simbahan sa Koreyama ay isinagawa ang pag-aaral(drill) sa wikang Hapon kung anong salita

ang dapat gamitin pag tumawag sa 119 at kung papaano isagawa ang CPR (cardiopulmonary resuscitation) sa oras ng kapahamakan. Labing dalawang (12) katao na binubuo ng Filipina at Vietnamese ang nag sidalo. Napag aralan nila ang tamang pamamaraan at kung ano ang dapat gawain sa oras ng kapahamakan.



▲ Ng mga sumali sa pag-eensayo ng disaster drill sa himpilan ng bombero sa Koreyama

Wika para sa impormasyon ng pamumumbalik portal site 「Fukushima Restoration Station」

Isa sa mga wave site na nasa administrasyon ng prepektura ng Fukushima ay ang 「Fukushima Restoration Station」 dito ay inilalathala ang kalagayan ng prepektura ng fukushima o kaya ay ang kaligtasan ng mga pagkain, ang kalagayan ng radioaktib at ibapa sa siyam na wika (9) (Hapon, Ingles, Intsik, Koreyano, wikang Aleman, wikang Pranses, wikang Italiano, Espanyol, At Portugese) ay puwedeng basahin. At buhat sa 「Fukushima Prefecture Radioactivity Measurement」 ipinaalam ang resulta ng iba't ibang sukat ng radiation sa kapaligiran ng prepektura.



Fukushima Restoration Station URL <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal/>

Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

- Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hanggang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.
※Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

Telepono: 024-524-1316 (pribado)

E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher

Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103

TEL : 024-524-1315

FAX : 024-521-8308



E-mail : info@worldvillage.org

URL : <http://www.worldvillage.org>